


Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 2: Pagtitiwala sa Sarili



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 2: Pagtitiwala sa Sarili
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Helen Grace A. Navaja

Editor: Althea S. Llamag, Arlene U. Lastimoso, Jocelyn E. Oyog

Tagasuri: Alexandre S. Fernandez Jr., Alemer O. Veloso, Edwin C. Pameroyan,
Chomadith Loian J. Hechanova, Jeneth D. Tabungar, Edgardo D. Pamugas III

Tagaguhit: Joseph C. Joseph

Tagalapat: Daryl L. Escobar, Marco R. Abellon

Tagapamahala: Allan G. Farnazo

Lorenzo E. Mendoza

Mary Jeanne B. Aldeguer

Felix I. Antecristo

Analiza C. Almazan

Ernie E. Aagsaulio

Ma. Cielo D. Estrada

Nelia Q. Madelo

Alirna O. Andoy

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

**Edukasyon sa
Pagpapakatao**
Unang Markahan – Modyul 2:
Pagtitiwala sa Sarili

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa ating tiwala sa sarili. Maingat at mabusisi na ginawa ang bawat detalye o laman ng modyul na ito para sa ating mga mag-aaral upang lubusang maintindihan ang pagkakaiba ng bawat tao.

Pagkatapos ng mga gawain sa modyul na ito inaasahan na naipamamalas mo ang kakayahang:

1. Nakapagpapakita ng mga natatanging kakayahan nang may pagtitiwala sa sarili (**EsP3PKP-Ia-14**).



Subukin

Basahin at unawain nang mabuti ang bawat pangungusap sa ibaba. Lagyan ng tsek (✓) kung sa iyong palagay ay tama ang isinasaad sa pangungusap. Ekis naman (X) kung sa iyong palagay ay mali ang isinasaad dito. Isulat sa hiwalay na papel ang iyong mga sagot.

- ___ 1. Ang labis na pagkamahiyain ay nagiging balakid sa pagkakaroon ng tiwala sa sarili.
- ___ 2. Ang pagpapaunlad ng ating talento at sarili ay isang pagpapakita ng pagmamahal sa ating sarili.
- ___ 3. Malaya tayong ikumpara ang ating sarili at talento sa ibang tao para ipakita sa lahat kung sino ang may angking kagalingan.
- ___ 4. Tayo ay indibidwal kaya ang tao ay may kaniya-kaniyang angking talento at kakayahan na maaari nating gamitin para makapagpasaya tayo ng ibang tao.
- ___ 5. Ang pagtitiwala sa sarili na gumawa ng isang bagay ay lubos na makakaangkin ng isang tunay na kasiyahan sa paggawa.

Pagtitiwala sa Sarili



Balikan

Kaya ko, Magagawa ko!

Sa unang aralin ay natutuhan mo ang kahalagahan ng pagkilala at pagtuklas ng ating talento at abilidad, pagpapayaman at pagbabahagi nito sa ibang tao.

Sa aralin na ito ay ating tatalakayin at pag-uusapan kung ano ang kahalagahan ng pagtitiwala sa sarili upang maipakita at maibahagi natin ang ating talento o abilidad sa ibang tao nang buong husay at galing at napahahalagahan ang kakayahan sa paggawa.

Ang bawat nilalang ay may talento at abilidad. Bilang isang tao, katungkulan natin na pagyamanin at gamitin ito sa araw-araw. Bilang bahagi ng pagpapayaman nito ay ang pagbabahagi natin nito sa ating kapuwa nang buong kahusayan.

Ang kahusayan ay nangangailangan ng pagtitiwala sa sarili upang magampanan natin ang ating tungkulin bilang isang indibidwal. Kapag ito ay ating nagawa nang maayos, may sayang hatid sa ating puso bilang kapalit ng ating pagsasakripisyo na magampanan ang ating tungkulin bilang isang tao.

Gawain

Mga kagamitan para sa gawain:

- Isang buong papel
- Larawan na nagpapakita na ginagawa mo ang isang bagay na may pagtitiwala sa sarili (*hal. Kumakanta ka sa entablado, tumutula sa harap ng iyong mga kaklase.*)
- Pandikit
- Isang sanaysay na iyong ginawa tungkol sa iyong idinikit na larawan. Ang mga katanungan na nasa ibaba ang magsisilbi mong gabay kung paano mo gagawin ang iyong sanaysay.

Mga tanong

1. Maaari mo bang ipakilala kung sino ang nasa larawan?
2. Ano ang ginagawa ng nasa larawan?
3. Ano ang damdaming hatid sa iyo ng ipinapakita sa larawan habang ginagawa ito?
4. Sa susunod na pagkakataon uulitin mo pa bang gawin ang nasa larawan? Bakit?



Tuklasin

Gawain

Magbabalik-tanaw tayo tungkol sa Aralin 1. Isipin ang mga bagay o gawain na nagawa mo nang maayos at may kumpiyansa sa sarili. Gawin ito sa isang malinis na papel.

Mga Gawain na Nagawa Ko	Aksiyon na Ipinakita
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	



Suriin

Panuto: Suriin natin ang bagay-bagay.

Independent Activity 1


A.

Ang Aking Pangako sa Sarili	
Ako si _____,	Ako'y nangangakong _____

Lagda	


Bilang patunay na nagawa mo ang iyong pangako na nilagdaan mo sa kahon na nasa itaas. Kumuha ng larawan habang ito ay iyong ginagawa at idikit mo sa isang **bond paper**, ang nasa ibaba ay magsisilbi mong gabay kong papaano mo ito gagawin.

Pangalan: _____	(Larawan)
Petsa ng paggawa: _____	
Lugar: _____	
Okasyon: _____	



Pagyamanin

Suriin ang bawat larawan na nasa ibaba at sabihin kung ang bawat isa ay nagpapakita ng tiwala sa sarili. Isulat sa isang papel ang iyong sariling kakayahan na nagagawa o naipapakita mo ng may pagtitiwala sa sarili.



Gawain A:

Panuto: Gawin ito sa isang malinis na papel.

Pagsusuri

1. Ano-ano ang ginagawa ng mga mag-aaral sa larawan?
2. Meron bang pagkakaiba o pagkakapareho ang mga gawain na nasa larawan? Maaari mo bang tukuyin ang mga ito?

Repleksyon

3. Alin sa mga larawan ang kaya mong gawin?



Isaisip

Panuto: Kumuha ng isang buong papel at gumuhit ng isang larawan bilang patunay sa iyong naging kasagutan sa bilang tatlo (3) na nasa Gawain A. Maaari ring gumupit ng isang larawan mula sa mga magasin, diyaryo o lumang libro at idikit ito sa isang bond paper. Bigyan ito ng pagpapaliwanag kung bakit kaya mo ring gawin ang napili mong gawain na nasa larawan.

Basahin ang isang maikling anekdota na nagpapakita ng katatagan at kumpiyansa sa sarili habang ginagawa ang isang bagay.

Ang bawat tao ay may tinatagong talento o abilidad sa paggawa ng isang bagay na may buong kahusayan. Mahalaga na maipakikita natin sa iba ang ating pagtitiwala sa sarili na kaya nating gawin ang mga ito.

Ang pagtitiwala sa sarili ay isang uri ng motibasyon na maipakita at maibahagi mo nang maayos at mahusay ang iyong talento sa ibang tao. Ang talento at tiwala sa sarili ay magkakaugnay sa isa't isa sapagkat ang iyong talento at abilidad ay balewala kung ito ay hindi mo nagampanan nang maayos at hindi naipakita sa ibang tao.

Kaya't habang bata pa ay linangin ang talento at magtiwala sa sarili na kaya mong gawin ang mga bagay na nakapagpapasaya sa iyo.

Tandaan:

Laging isaisip na ang talento ay dapat ibahagi sa ibang tao. Magagawa mo lang ito kung ikaw ay lubos na nagtitiwala sa iyong sariling kakayahan.



Isagawa

Basahin ang bawat pangungusap at sagutan ng **Tama** kung sa iyong palagay tama ang isinasaad sa pangungusap. **Mali** naman kung sa iyong palagay ay mali ang nakasaad sa pangungusap. Isulat sa hiwalay na papel ang iyong sagot.

- _____ 1. Ang tao ay may abilidad sa paggawa nang may buong kahusayan.
- _____ 2. Ang labis na pagtitiwala sa sarili ay pagpapakita ng kayabangan.
- _____ 3. Ang iyong talento at abilidad ay balewala kung ito ay hindi mo nagampanan nang maayos.
- _____ 4. Laging isaisip na ang talento ay dapat ibahagi sa ibang tao upang tayo ay umani ng papuri at parangal.
- _____ 5. Ang pagtitiwala sa sarili ay isang uri ng motibasyon upang magampanan natin nang maayos ang ating ginagawa.



Tayahin

Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Piliin ang tamang letra ng sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Mahalaga para sa isang bata ang magkaroon ng _____ sa sarili upang magampanan nang maayos ang sariling hilig at talento.
 - A. talino
 - B. tiwala
 - C. tikas ng tindig
 - D. tibay ng loob

2. Ang pagtitiwala sa sarili ay isang uri ng_____.
- A. inspirasyon
 - B. ugali ng tao
 - C. motibasyon
 - D. paniniwala ng tao
3. Ikaw ang napiling lalahok sa paligsahan sa tula ngunit isa kang mahiyaing bata dahil sa buong akala mo na ikaw ay walang kakayahang magsalita sa harap ng maraming tao. Ano ang gagawin mo?
- A. Hihinto na lang ako sa pag-aaral.
 - B. Iiyak ako para maawa sa akin ang aking guro.
 - C. Ipapasa ko ito sa aking kaklase na mahusay sa pagharap ng tao.
 - D. Tatanggapin ko, mag-eensayo ako araw-araw, at magiging positibo.
4. Magaling kang kumanta. Ikaw ay nanalo na sa mga patimpalak ng dalawang beses, pero sa pagkakataong ito bigla kang pumiyok habang kumakanta. Ano ang maari mong gawin?
- A. Iiyak ako ng malakas.
 - B. Titigil ako sa pag-awit.
 - C. Tatakbo ako papuntang likuran ng entablo.
 - D. Ipagpapatuloy ko ang pag-awit at balewalain ang isang munting pagkakamali.
5. Matibay ang iyong paniniwala sa iyong sarili at sa angking kakayahan pero iba ang pagkakaintindi nito ng iyong mga kaklase dahil ang tingin nila sa iyo ay mayabang kaya't madalas ka nilang tinutukso. Paano mo ito mapapatunayan sa kanila na hindi ka ganoong klaseng bata?
- A. Hindi ko na sila papansinin.
 - B. Hindi ko na sila kakausapin.
 - C. Aawayin ko sila para tigilan na nila ako.
 - D. Tatahimik na lang at pananatilihing mabuti ang pakikitungo sa kanila.



Karagdagang Gawain

Sumulat ng isang maikling sanaysay o iguhit ang iyong pinakapaboritong gawin sa araw-araw. Ito ba ay nagagawa mo nang may buong kahusayan at tiwala sa sarili?



Susi sa Pagwawasto

<p>Tayahin p. 7 - 8</p> <ol style="list-style-type: none">1. b2. c3. d4. d5. d	<p>Isagawa p. 7</p> <ol style="list-style-type: none">1. TAMA2. MALI3. TAMA4. MALI5. TAMA	<p>Subukin p. 1</p> <ol style="list-style-type: none">1. ✓2. ✓3. X4. ✓5. ✓
--	---	--

Sanggunian

Caraan, Maria Carla M., Victoria V. Ambat, Leah D. Bongat, Rosa Anna A. Canlas, Rodel A. Castillo, Rolan B. Catapang, Irene C. de Robles, Erico M. Habijan, Marilou D. Pandiño, Violeta R. Roson, Rubie D. Sajise, Portia R. Soriano. *Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikatlong Baitang : Kagamitan ng Mag-aaral sa Sinugbuanong Binisaya*. Unang Edisyon. Edited by Erico M. Habijan at Irene C. De Robles. Pasig City: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat, 2014, 2-16.

Bognot, Regina Mignon C., Romualdes R. Comia, Sheryll T. Gayola, Marie Aiellen S. Laagrde, Marivic R. Leaño, Eugenia C. Martin, Marie Ann M. Ong, Rheamay T. Paras. *Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikawalong Baitang: Modyul para sa Mag-aaral*. Unang Edisyon. Edited by Luisita B. Peralta. Pasig City: Department of Education - Instructional Materials Council Secretariat, 2013, 166-198.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph